ABOT-KAYA PABAHAY FUND

Amortization Support

Sa tulong ng
Abot-Kaya Pabahay Fund
Ang buwanang hulog sa bahay,
kaya mo nang bayaran.

Makipag-ugnayan sa amin
ngayon din!

1. ANO ANG ABOT-KAYA PABAHAY FUND *AMORTIZATION SUPPORT?*

Ang Abot-Kaya Pabahay Fund *Amortization Support* ay isang bahagi ng National Shelter Program na binuo sa pamamagitan ng RA 6846 at Inamenda ng RA 7835 upang matulungang makabayad sa huhulugang bahay o *housing loan* ang mga malilit ang kita. Tutulungan sila ng Abot-Kaya Pabahay Fund sa kanilang *monthly amortization* sa unang limang taon ng kanilang pagbabayad.

2. SINO ANG MAAARING MAG-APLAY PARA SA *AMORTIZATION SUPPORT?*

Maaaring mag-aplay ng *amortization support* ang sinuman kung:

- mayroon ng siyang aprubadong *housing loan*
- kung wala siyang paulit-ulit na criminal record;
- hindi pa siya nagmamay-ari ng bahay o nakakuha ng *housing loan* mula sa anumang ahensya, institusyong nagpapautang o opisina sa loob ng nakaraang limang taon; at
- hindi lumagpas ang kanyang *housing loan* at kabuuang kita ng pamilya sa halagang itinakda ng Abot-Kaya Pabahay Fuind na nakasaad dito sa number 4.

3. ANU-ANO ANG KAILANGAN UPANG MAKAPAG-APLAY SA AKPF?

A. Mga nangungutang sa UHLP:

1. *application letter* na pirmado ng aplikante;
2. sinagutang *Basic Information Sheet;*
3. *Fiscal's Clearance*
4. *Certificate of Employment and Compensation o Income Tax Return* (orihinal o certified true copy) - para sa mga nagtatrabaho; at
5. *Affidavit of Income* at/o sertipikasyon mula sa barangay na nagpapatunay ng pagkakaroon ng trabaho at gaano ang estimated na kinikita ng pamilya para sa mga *self-employed.*

B. Mga nangungutang ng housing loan na wala sa ilalim ng SHFC na kwalipikado sa amortization support

1. ang lima sa nakalista sa itaas;
2. *Loan and Mortgage Contract* na kasama ang P*romissory Note;*
3. *Deed of Absolute/Conditional Sale of Contract to Sell*; at
4. TCT kasama ang *Loan and Mortgage Contract* na may *annotation*.

4. GAANO KALAKI AT KATAGAL ANG SUPORTANG IBIBIGAY NG AKPF?

Nahahati sa dalawang anta sang suportang ibinibigay ng AKPF:

LEVEL A
Upang makakuha ng tulong sa AKPD, hindi dapat lalagpas sa P8,000 ang Kabuuang buwanang kita ng pamilya at hindi rin lalagpas sa P144,000 ang mauutang na pabahay

Ang magiging buwanang tulong ng AKPF ay ayon sa sumusunod:

Panahon ng Pagbabayad	**Halagang Tulong**
Ika-1 hanggang ika-12 buwan	35% ng buwanang hulog
Ika-13 hanggang ika-24 buwan	30% ng buwanang hulog
Ika-25 hanggang ika-36 buwan	25% ng buwanang hulog
Ika-37 hanggang ika-48 buwan	20% ng buwanang hulog
Ika-49 hanggang ika-60 buwan	14% ng buwanang hulog

LEVEL B
Hindi dapat hihigit sa P10,000 ang kabuuang buwanang kita ng pamilya at hindi rin hihigit sa halagang P180,000

Ang halagang itutulong ng AKPF sa kanila ay ayon sa sumusunod:

Panahon ng Pagbabayad	**Halagang Tulong**
Ika-1 hanggang ika-24 buwan	25% ng buwanang hulog
Ika-25 hanggang ika-36 buwan	20% ng buwanang hulog
Ika-37 hanggang ika-48 buwan	14% ng buwanang hulog
Ika-49 hanggang ika-60 buwan	7% ng buwanang hulog

5. ANONG MGA LUGAR ANG TINAGURIANG *HIGHLY URBANIZED AREAS?*

Kabilang sa mga lugar na tinaguriang highly urbanized areas ang mga sumusunod?

Baguio City	Angeles City	Olongapo City
Lucena City	Bacolod City	Iloilo City
Cebu City	Mandaue City	Zamboanga City
Butuan City	Davao City	Gen. Santos City
Iligan City	Cagayan de Oro City	Metro Manila

6. MAARI BANG MAG-APLAY SA AKPF ANG SINUMAN ANUMANG ORAS?

Ang *Amortization support* ay ibinibigay sa mga kwalipikado sa tulong, ayon sa *first-come-first-served basis* at habang mayroong pondo.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa:

TRUST ADMINISTRATION OFFCE
Tel. No. 893-1501 local 250 at 252
at hanapin si Rolly, Becca o Susan

o pumunta sa:

SOCIAL HOUSING FINANCE CORPORATION
Trust Administration Department
4th Floor Filomena Bldg. III, 104 Amorsolo St,
Legaspi Village, Makati City